**DALUMAT**
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

# Suwara: Paglalantad ng Karanasan ng mga Guro sa Pagtataya sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Nahihirapang Mag-Aaral

Jasmira May H. Zacaria-Abando
Mayo Integrated School — DepEd SDO, Sultan Kudarat
jasmiramay.zacaria@deped.gov.ph

Petsa ng Pagsumite:
**Hulyo 02, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Hulyo 17, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Hulyo 26, 2026**

DOI:
**10.5281/zenodo.21597111**

**Abstrak**

Sinuri ng pag-aaral na ito ang mga karanasan ng mga guro sa pagtataya bilang instrumento sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga nahihirapang mag-aaral sa Filipino 7. Gumamit ito ng kwalitatibong Transcendental Phenomenological na disenyo. Sampung guro mula sa anim na pampublikong paaralan sa Columbio, Sultan Kudarat ang pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Nangalap ng datos gamit ang balidado at pilot-tested na semi-structured interview guide; ang mga panayam ay inirekord, itinranskrayb, sinuri sa pamamagitan ng thematic analysis, at pinagtibay sa pamamagitan ng member checking at audit trail. Lumitaw sa karanasan ng mga guro ang apat na pangunahing tema: mga hamon sa kognitibo at mekaniks ng pagsulat, sikolohikal na hadlang, estratehiya sa pagtataya at pagtuturo, at mga salik na nakaaapekto sa pagtataya. Ang mga kontekstuwal na salik ay kinabibilangan ng suporta ng stakeholders, kalagayan ng silid-aralan, administratibong pasanin, kakulangan sa kagamitan, at pagkakaiba-iba ng kakayahan ng mga mag-aaral. Tinitingnan ng mga guro ang kanilang hinaharap bilang mga facilitator ng pagkatuto na patuloy na magpapaunlad ng assessment competence, gagamit ng teknolohiya, makikipagkolaborasyon, at tutuon sa mas mabuting resulta ng pagkatuto. Iminungkahi ang maagang interbensyon, integrasyon ng pagbasa at pagsulat, scaffolded at authentic na gawain, sistematikong pidbak, propesyonal na pagsasanay, sapat na oras at resources, digital tools, kolaborasyon ng paaralan at komunidad, at lokalisadong materyales. Ipinakikita ng pag-aaral na ang epektibong pagtataya sa pagsulat ay isang tuloy-tuloy, makatao, at kolektibong prosesong nangangailangan ng angkop na pedagohiya at matatag na institusyonal na suporta.

**Mga Susing Salita:** *pagtatayang formatibo, kasanayan sa pagsulat, nahihirapang mag-aaral, karanasan ng guro, Filipino 7, penomenolohiya*

## INTRODUKSIYON

Ang pagsulat ay isang mahalagang makrong kasanayan na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na maipahayag, maorganisa, at mapagtibay ang kanilang mga ideya. Hindi ito simpleng paglalapat ng wastong baybay at gramatika, kundi isang prosesong nangangailangan ng pagpaplano, pagbuo, pagrerebisa, at pagwawasto (Calkins, 1994; Graves, 1983; Murray, 1972). Sa loob ng prosesong ito, mahalaga ang pagtataya sapagkat inilalantad nito ang mga kalakasan at pangangailangang dapat tugunan bago pa man maging pinal ang sulatin.

Ang pormatibong pagtataya ay nakatuon sa paggamit ng ebidensiya ng pagkatuto upang maiangkop ang susunod na hakbang sa pagtuturo. Sa halip na ituring ang marka bilang huling hatol, ginagamit ang pidbak, rubrik, self-assessment, at sunod-sunod na pagsasanay upang tulungan ang mag-aaral na maunawaan kung nasaan siya at kung paano siya uusad (Black & Wiliam, 1998; Andrade & Brookhart, 2020). Gayunman, nagiging limitado ang bisa ng pagtataya kapag hindi malinaw ang pamantayan, kulang ang pagsasanay ng guro, o hindi akma ang instrumento sa aktuwal na pangangailangan ng nahihirapang mag-aaral (Agtarap et al., 2024).

Sa pagtuturo ng Filipino 7, nakikita ng mga guro ang magkakaugnay na suliranin sa pagproseso ng ideya, pagbuo ng pangungusap, bokabularyo, gramatika, baybay, bantas, at organisasyon. Ang mga suliraning ito ay kadalasang sinasabayan ng takot magkamali, hiya, at pagkawala ng kumpiyansa. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang malinaw na strategy instruction at rubric-referenced assessment ay nakatutulong sa pag-unlad ng kakayahan at kumpiyansa, samantalang ang kakulangan sa bokabularyo at gramatika ay humahadlang sa malinaw na komposisyon (Chen, 2022; Moses & Mohamad, 2019).

Sa Columbio, Sultan Kudarat, higit na nagiging masalimuot ang pagtataya dahil sa limitadong kagamitan, mahinang internet, malalaking klase, mabigat na gawaing administratibo, pagkakaiba-iba ng antas ng mag-aaral, at hindi pantay na suporta mula sa tahanan at paaralan. Ang ganitong konteksto ay nangangailangan ng pag-unawa sa mismong tinig ng mga guro. Sa pag-aaral na ito, ang salitang "Suwara," na nangangahulugang boses o tinig, ay kumakatawan sa kanilang mga salaysay, damdamin, pagninilay, at praktikal na karanasan sa pagtataya.

Layunin ng pag-aaral na mailantad ang mga karanasan ng mga guro sa pagtataya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga nahihirapang mag-aaral; matukoy ang mga kontekstuwal na salik na nakaaapekto sa kanilang praktika; maunawaan kung paano nila nakikita ang kanilang propesyonal na sarili sa hinaharap; at makabuo ng mga mungkahing pagpapahusay. Sa pamamagitan ng penomenolohikal na pagdulog, binigyang-priyoridad ang kahulugan ng aktuwal na karanasan sa halip na ang numerikal na pagsukat ng pagganap.

## Mga Kaugnay na Literatura

### *Pagtataya bilang proseso sa paglinang ng pagsulat*

Ang process approach ay kumikilala na ang mahusay na sulatin ay nabubuo sa magkakasunod at paulit-ulit na yugto. Ipinakita nina Calkins (1994), Graves (1983), at Murray (1972) na dapat mabigyan ang mga mag-aaral ng panahon para magplano, magsulat ng burador, tumanggap ng puna, magrebisa, at muling magsulat. Dahil dito, ang pagtataya ay hindi dapat nakahiwalay sa pagtuturo; ito ay bahagi ng bawat yugto at nagsisilbing gabay sa pag-unlad.

Sa pormatibong pagtataya, ang kalidad ng pidbak ay nakasalalay sa pagiging tiyak, napapanahon, at maaaring aksiyunan. Binibigyang-diin nina Black at Wiliam (1998) at Boud at Molloy (2013) na nagiging makabuluhan ang feedback kapag ginagamit ito ng mag-aaral sa susunod na gawain. Ang co-regulation ng pagkatuto sa pamamagitan ng malinaw na pamantayan, self-assessment, at pakikipag-usap sa guro ay nakatutulong upang unti-unting maging mas malaya ang mag-aaral (Andrade & Brookhart, 2020).

Mahalaga rin ang rubrik sapagkat inililinaw nito ang inaasahang nilalaman, organisasyon, paggamit ng wika, bokabularyo, at mekaniks. Ipinakita ni Chen (2022) na ang rubric-referenced assessment na may

kasamang strategy instruction ay maaaring magpalakas sa kakayahan at kumpiyansa sa pagsulat. Gayunman, kailangang ipaliwanag ang rubrik bago ang gawain at gamitin ito sa pagrebisa, hindi lamang sa paglalagay ng pinal na marka (Karaman, 2024).

***Kognitibo, lingguwistiko, at sikolohikal na hadlang***

Ang pagsulat ay nangangailangan ng sabayang pamamahala sa nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika, at mekaniks. Ang mga dimensiyong ito, na inilatag nina Jacobs et al. (1981), ay nagpapaliwanag kung bakit maaaring may ideya ang isang mag-aaral ngunit mahirapan pa ring maisalin ito sa malinaw na teksto. Kapag mabagal ang pagproseso at limitado ang bokabularyo, nagkakaroon ng kognitibong pagkapagod at hindi nabubuo ang buong kaisipan.

Ang suliranin sa gramatika at bokabularyo ay direktang nakaaapekto sa kalidad ng komposisyon at sa interpretasyon ng guro sa kakayahan ng mag-aaral (Moses & Mohamad, 2019). Sa ganitong kalagayan, mahalaga ang scaffolding: paghahati ng gawain, pagbibigay ng modelo, paggamit ng graphic organizer, at unti-unting pagbabawas ng tulong. Ang ganitong pag-alalay ay nakaangkla sa sosyo-kultural na pananaw ni Vygotsky (1978) at napatunayang mahalaga sa pormatibong ebalwasyon ng proseso ng pagsulat (Cuesta & Fernández, 2022).

Hindi lamang teknikal ang kahirapan sa pagsulat. Ang takot sa pagkakamali at pagkawala ng kumpiyansa ay maaaring humadlang sa pagsubok at pagrebisa. Ang biswal na pag-oorganisa at pagguhit bago sumulat ay nakatutulong sa pagbuo ng ugnayan sa pagitan ng larawan at salita, na maipapaliwanag sa Dual Coding Theory ni Paivio (1986). Samantala, ang regular at balanseng pidbak ay nakatutulong upang maitama ang mekaniks nang hindi sinasakal ang malikhaing tinig ng mag-aaral (Kileri & Listyani, 2021).

***Kontekstuwal at institusyonal na salik sa pagtataya***

Ang epektibong pagtataya ay nakasalalay sa oras, laki ng klase, learning resources, suporta ng pamunuan, at pakikilahok ng pamilya. Kapag maraming mag-aaral at mabigat ang administratibong gawain, nababawasan ang pagkakataon para sa indibidwal na puna at follow-up. Ang kakulangan sa libro, modyul, at digital resources ay lalo ring nagpapahirap sa pagdisenyo ng alternatibong gawain para sa mga nangangailangan ng remediation.

Ang pagkakaiba-iba ng kakayahan sa iisang klase ay nangangailangan ng differentiated instruction at assessment. Ayon kay Tomlinson (2014), maaaring iangkop ang nilalaman, proseso, produkto, at antas ng suporta nang hindi binababa ang mahahalagang layunin. Sa pagsulat, maaaring magkakaiba ang haba ng gawain, uri ng prompt, antas ng scaffolding, at paraan ng pagpapakita ng ideya, subalit dapat manatiling malinaw at makatarungan ang pamantayan.

Ang suporta ng magulang, kapwa guro, at administrasyon ay nagbibigay ng tuloy-tuloy na kapaligiran para sa interbensyon. Kapag binabasa ng magulang ang feedback, pinatitibay ng administrasyon ang literacy program, at nagkakaroon ng magkakatugmang pamantayan ang mga guro, mas nagiging matatag ang pagsasanay. Ang distributed leadership ay nagpapakita na ang pagpapaunlad ng literasiya ay hindi responsibilidad ng iisang guro kundi ng magkakaugnay na lider, practitioner, at stakeholder (Spillane, 2006).

***Propesyonal na identidad, teknolohiya, at kolaborasyon***

Ang pananaw ng guro sa sarili bilang tagatasa ay nakaaapekto sa kaniyang pagpili ng estratehiya, antas ng pagpupunyagi, at pagiging bukas sa inobasyon. Ang self-efficacy ay tumutukoy sa paniniwala ng isang tao na kaya niyang maisagawa ang kinakailangang gawain; mataas na self-efficacy ang karaniwang kaugnay ng mas matatag na pagsisikap at pag-angkop sa hamon (Bandura, 1997). Sa pagtuturo ng pagsulat, mahalaga ring makita ng guro ang sarili bilang facilitator ng paglago at hindi lamang tagapagbigay ng marka.

Ang propesyonal na pag-unlad sa assessment literacy, pagbuo ng rubrik, differentiated instruction, at feedback design ay tumutulong sa pag-uugnay ng paniniwala at aktuwal na praktika. Ipinakita nina Mahmood et al. (2022) at Walls at Johnston (2023) na ang nakatuong pagsasanay sa pagtataya ng pagsulat ay nakapagpapalinaw sa mga pamantayan at nakapagpapahusay sa paggabay sa mag-aaral. Mahalaga rin ang action research at professional learning communities upang masuri ang mga estratehiya sa sariling konteksto (Jackaria & Caballes, 2022).

Nagbibigay ang teknolohiya ng posibilidad para sa mas mabilis na feedback, organisadong portfolio, collaborative writing, at accessible learning materials. Gayunman, hindi sapat ang pagkakaroon ng app o device. Ipinakikita ng TPACK Framework na dapat magtagpo ang kaalaman sa teknolohiya, pedagohiya, at nilalaman upang maging makabuluhan ang integrasyon (Mishra & Koehler, 2006). Ang teknolohiya ay dapat magpalawak sa pagkakataon ng pagkatuto, hindi maging bagong hadlang para sa mga paaralang may limitadong koneksiyon at kagamitan.





**Figure 1.** ***Konseptuwal na balangkas ng pag-aaral***

## PAMAMARAAN

### Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong Transcendental Phenomenological na disenyo upang mailarawan ang esensya ng karanasan ng mga guro sa pagtataya ng pagsulat. Isinagawa ang phenomenological reduction o bracketing upang kilalanin at pansamantalang isantabi ang mga paunang palagay ng mananaliksik at bigyang-priyoridad ang kahulugan ng karanasan ng mga kalahok (Moustakas, 1994; Husserl, 1970). Ang disenyo ay angkop sapagkat ang pokus ay hindi ang pagsukat ng marka ng mag-aaral kundi ang masusing pag-unawa sa praktika, hamon, emosyon, at pagninilay ng mga guro.

### Lokasyon ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral sa anim na pampublikong paaralan sa Columbio, Sultan Kudarat: Mayo Integrated School, New Natividad Integrated School, Columbio National High School, Telafas National High School, Maligaya Integrated School, at Datalblao National High School. Pinili ang mga paaralan dahil may mga guro itong direktang nagtuturo ng Filipino 7 at humaharap sa pagkakaiba-iba ng kakayahan sa pagproseso ng ideya, gramatika, baybay, organisasyon, at malinaw na pagpapahayag.

### Mga Kalahok at Pamamaraang Ginamit sa Pagpili ng mga Kalahok

Sampung guro sa Filipino 7 ang pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ang pamantayan sa pagsali ay: may lima hanggang sampung taong karanasan sa pagtuturo ng Filipino 7; may direktang karanasan sa pagtuturo at pagtataya ng pagsulat; handa at boluntaryong magbahagi; malinaw na nakapagpapahayag sa Filipino o lokal na wikang nauunawaan ng mananaliksik; at nakapagbigay ng informed consent. Ang maliit at information-rich na pangkat ay naaayon sa layunin ng penomenolohikal na pag-aaral na makuha ang lalim ng karanasan (Creswell, 2013; Creswell & Creswell, 2017).

### Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit ang semi-structured interview guide na hinalaw sa penomenolohikal na pagdulog ni Moustakas (1994) at iniangkop sa apat na katanungang pampananaliksik. Sinuri ito ng panel ng mga eksperto batay sa kalinawan, organisasyon, kaangkupan, at kahalagahan ng mga tanong. Matapos isama ang kanilang puna, isinagawa ang pilot interview sa mga gurong may katulad na katangian ngunit hindi kabilang sa aktuwal na kalahok upang masuri ang daloy, linaw, at kakayahan ng mga tanong na makalikha ng malalim na salaysay (Majid et al., 2017).

### Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Humingi muna ng pahintulot sa Dekana ng Paaralang Gradwado, Schools Division Superintendent ng Sultan Kudarat, at mga punong-guro ng anim na paaralan. Pagkatapos ng written informed consent, isinagawa ang magkakahiwalay na panayam sa oras na hindi makagagambala sa regular na klase. Inirekord ang mga panayam, gumawa ng field notes, itinranskrayb ang mga tugon, at pinabalikan sa mga kalahok ang mahahalagang bahagi para sa paglilinaw at kumpirmasyon.

### Pamamaraan sa Pagsusuri ng Datos

Sinuri ang datos sa pamamagitan ng thematic analysis. Kabilang sa mga hakbang ang paulit-ulit na pagbasa ng transkripsyon, pagbuo ng paunang koda, pagpapangkat ng magkakaugnay na koda, pagbuo at pagrerepaso ng tema, pagbibigay-kahulugan at pangalan sa mga tema, at pagsulat ng analitikong salaysay na sinusuportahan ng piling sipi ng kalahok (Braun & Clarke, 2013). Inorganisa ang pagsusuri ayon sa apat na katanungang pampananaliksik at pinaghambing ang mga pahayag upang matukoy ang paulit-ulit at natatanging karanasan.

### Posisyonalidad at Repleksibidad ng Mananaliksik

Ang mananaliksik ay isang guro sa Filipino sa Mayo Integrated School at may personal na karanasan sa pagtuturo ng pagsulat. Dahil maaaring makaapekto ang karanasang ito sa interpretasyon, gumamit ng reflexive notes at bracketing upang maitala ang mga inaasahan, reaksiyon, at posibleng pagkiling. Sa pagsusuri, inuna ang mismong wika at kahulugan ng mga kalahok sa halip na ang sariling paliwanag ng mananaliksik.

### Pagiging Mapagkakatiwalaan ng Pananaliksik

Pinagtibay ang kredibilidad sa pamamagitan ng member checking, kung saan muling ipinakita sa mga kalahok ang piling transkripsyon, koda, at tema upang tiyakin ang katumpakan ng representasyon. Gumamit din ng audit trail na naglalaman ng mga desisyon sa pagkokoda, pagbabago sa tema, at batayan ng interpretasyon. Ang mga hakbang na ito ay tumutugon sa pamantayan ng credibility at dependability sa kwalitatibong pananaliksik (Lincoln & Guba, 1985).

### Mga Etikal na Konsiderasyon

Boluntaryo ang pakikilahok at maaaring tumanggi o umatras ang kalahok nang walang kaparusahan. Ipinaliwanag ang layunin, pamamaraan, posibleng paggamit ng datos, at karapatan ng kalahok bago lagdaan ang informed consent. Gumamit ng kodigong K1–K10 sa halip na pangalan; pinanatiling kompidensiyal ang recordings at transkripsyon; at iniulat lamang ang impormasyong kinakailangan upang sagutin ang mga katanungan ng pag-aaral.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### *Karanasan ng mga Guro sa Pagtataya ng Pagsulat*

**Talahanayan 1**
*Mga temang lumitaw sa karanasan ng mga guro*

| Lumilitaw na Tema | Pinagpangkat na Karanasan | Piling Pahayag |
|---|---|---|
| Mga hamon sa kasanayan sa pagsulat | Hirap sa pagproseso at pagpapahayag ng ideya; kahinaan sa pangungusap, baybay, bantas, at organisasyon. | "May ideas sila, pero hindi nila mailabas sa writing." (K8) |
| Sikolohikal na hadlang | Kawalan ng kumpiyansa, takot magkamali, at hiya sa paggawa at pagpapabasa ng sulatin. | "Takot silang magkamali kaya mas pinipili na lang nilang huwag magsulat." (K7) |

| | | |
|---|---|---|
| Mga estratehiya sa pagtataya at pagtuturo | Remedial instruction, pormatibong pagtataya, graphic organizers, journaling, step-by-step tasks, at pagguhit bilang pre-writing. | "Hinati-hati ko ang task sa mas maliliit na bahagi." (K9) |
| Mga salik na nakaaapekto sa pagtataya | Suporta ng magulang at paaralan, language barrier, at sosyo-emosyonal na klima ng klase. | "Kapag may asaran sa classroom, bumababa ang confidence nila." (K7) |

Ipinakita ng unang tema na ang problema ay hindi laging kawalan ng ideya kundi ang kakayahang iproseso, piliin, ayusin, at isulat ang ideya sa tamang anyo. Ang salaysay na "may ideas sila" ngunit hindi maisulat ay tumutugma sa multidimensiyonal na pananaw nina Jacobs et al. (1981), kung saan sabay na hinihingi ng pagsulat ang nilalaman, organisasyon, bokabularyo, paggamit ng wika, at mekaniks. Kapag mahina ang isa o higit pang dimensiyon, nagiging mabigat ang buong gawain at nahihirapan ang guro na tukuyin kung aling interbensyon ang dapat unahin.

Lumabas din na ang takot at hiya ay hindi hiwalay sa teknikal na kahinaan. Ang pag-aalala sa spelling at grammar ay nagtutulak sa ilang mag-aaral na huwag na lamang magsulat. Ang ganitong emosyonal na hadlang ay nangangailangan ng ligtas na feedback environment kung saan ang pagkakamali ay itinuturing na bahagi ng pagkatuto. Ang balanseng pagwawasto at nakatutulong na puna ay mahalaga upang maitama ang anyo nang hindi nasisira ang motibasyon at tinig ng mag-aaral (Kileri & Listyani, 2021).

Bilang tugon, gumamit ang mga guro ng remedial sessions, patingi-tinging assessment, graphic organizers, journaling, pagguhit, at baitang-baitang na gawain. Ang graphic organizer at pagguhit ay nagbibigay ng biswal na hulma bago ang berbal na pagsasalin ng ideya, na naaayon sa Dual Coding Theory (Paivio, 1986). Ang journaling at step-by-step tasks naman ay nakapaloob sa process approach, sapagkat binabawasan nito ang presyur ng agarang perpektong produkto at binibigyan ang mag-aaral ng pagkakataong unti-unting bumuo at magrebisa (Murray, 1972).

***Kontekstong Nakaaapekto sa Pagtataya***

**Talahanayan 2**
***Mga kontekstuwal na salik sa pagtataya at interbensyon***

| **Lumilitaw na Tema** | **Kontekstuwal na Salik** | **Piling Pahayag** |
|---|---|---|
| Suporta ng stakeholders | Suporta ng magulang; koordinasyon ng school head, guro, at pamilya. | "Kapag walang suporta sa bahay, parang nababalewala ang feedback." (K2) |
| Kapaligiran sa silid-aralan | Maingay at siksikang klase; limitadong resources sa rural na paaralan. | "Mahirap mag-focus ang mga bata sa pagsulat." (K2) |
| Mga hamong administratibo | Mahinang internet, maraming paperwork, at kulang na oras para sa indibidwal na feedback. | "Medyo mabigat ang workload… kaya kulang sa oras." (K9) |
| Kakulangan sa kagamitan | Kulang na libro, modyul, localized materials, at digital resources. | "Kulang sa materials na para sa struggling learners." (K2) |
| Pagkakaiba-iba ng mag-aaral | Mixed abilities at pangangailangan sa differentiated instruction at assessment. | "Hindi pare-pareho ang bata, kaya hindi rin pare-pareho ang paraan." (K10) |

Ang resulta ay nagpapakita na hindi sapat na tingnan ang pagtataya bilang personal na kakayahan lamang ng guro. Kapag walang follow-up sa tahanan, hindi natutupad ang siklo ng feedback at practice. Kapag maingay at siksikan ang silid-aralan, nahihirapan ang guro na makipag-usap nang paisa-isa at ang

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

mag-aaral na magpokus. Kapag mabigat ang paperwork, ang oras na dapat sana ay para sa pagbasa ng burador at pagbibigay ng nakatutok na puna ay nababawasan.

Mahalaga rin ang ugnayan ng resources at differentiated assessment. Ang iisang gawain at iisang antas ng suporta ay hindi sapat sa klaseng may advanced writers at struggling learners. Ang differentiation ay nangangahulugang pag-aangkop ng prompt, modelo, scaffolding, oras, at paraan ng pagpapakita ng ideya sa kahandaan ng mag-aaral (Tomlinson, 2014). Hindi nito binabago ang pangunahing pamantayan ng malinaw na komunikasyon; binabago nito ang daan upang maabot ang pamantayan.

Ang koordinasyon ng school head, kapwa guro, magulang, at komunidad ay lumitaw bilang pangunahing proteksiyon laban sa mga limitasyong ito. Sa pananaw ng distributed leadership, ang pagbibigay ng resources, pag-aayos ng iskedyul, pagbuo ng literacy program, at pag-uugnay sa magulang ay magkakaugnay na tungkulin (Spillane, 2006). Kung mananatiling nakasalalay sa isang guro ang lahat ng remediation, magiging mahirap panatilihin ang interbensyon.

***Pananaw ng mga Guro sa Kanilang Propesyonal na Hinaharap***

**Talahanayan 3**
***Mga pananaw ng guro sa hinaharap na papel at pag-unlad***

| Lumilitaw na Tema | Pangunahing Diwa | Piling Pahayag |
|---|---|---|
| Guro bilang facilitator | Mula sa tagapagbigay ng grado tungo sa gabay at tagapagtaguyod ng paglago. | “Facilitator of growth kaysa judge ng outputs.” (K3) |
| Patuloy na propesyonal na pag-unlad | Graduate studies, tuloy-tuloy na pag-aaral, at action research. | “Gusto kong mag-conduct ng action research.” (K6) |
| Pagpapaunlad ng assessment competence | Authentic tools, rubrics, scaffolding, student-centered instruction, at structured feedback. | “Mas maging expert sa paggawa ng authentic assessment tools.” (K3) |
| Integrasyon ng teknolohiya | Digital tools at educational apps para sa mas mabilis at organisadong feedback. | “Mas gagamit ng teknolohiya para mapabilis ang feedback loop.” (K3) |
| Suporta at kolaborasyon | Pagbabahagi ng best practices, materials, trainings, at collective responsibility. | “Hindi pwedeng guro lang ang sasalo ng lahat.” (K7) |
| Mas mabuting resulta ng pagkatuto | Pagpapataas ng performance at pagpapalakas ng peer tutoring. | “Ang pangarap ko, lahat sila makapasa.” (K4) |

Ang pagbabago mula “tagapagbigay ng grado” tungo sa facilitator ay mahalagang rekonseptwalisasyon ng pagtataya. Ipinahihiwatig nito na ang tungkulin ng guro ay magbigay ng direksiyon, modelo, tanong, at feedback na makatutulong sa mag-aaral na makita at maitama ang sariling proseso. Ang ganitong pananaw ay umaayon sa pormatibong pagtataya at sa prinsipyo ng co-regulation, kung saan ang guro at mag-aaral ay kapwa aktibong kalahok sa pag-unlad (Black & Wiliam, 1998; Andrade & Brookhart, 2020).

Lumitaw din ang matibay na pagnanais para sa graduate studies, training, action research, at pagpapahusay ng rubrik at authentic assessment. Ang pananaw na ito ay sumasalamin sa self-efficacy: habang naniniwala ang guro na kaya niyang matuto at magbago, mas handa siyang sumubok ng bagong

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

estratehiya at magpatuloy sa harap ng limitasyon (Bandura, 1997). Ang professional development na nakatuon sa assessment literacy ay dapat samahan ng pagkakataong subukan, obserbahan, at pagnilayan ang estratehiya sa aktuwal na klase (Mahmood et al., 2022; Walls & Johnston, 2023).

Ang pagnanais gumamit ng digital tools ay may potensiyal na mapabilis ang feedback at pagdodokumento ng progreso, ngunit nakasalalay ito sa koneksiyon, device, at teknikal na kakayahan. Sa TPACK Framework, ang teknolohiya ay nagiging kapaki-pakinabang lamang kapag tugma sa layunin ng pagsulat, antas ng mag-aaral, at pedagogical strategy (Mishra & Koehler, 2006). Dahil dito, kailangang sabay na paunlarin ang digital infrastructure at digital pedagogy.

***Mga Mungkahing Pagpapahusay sa Pagtataya***

**Talahanayan 4**
***Mga mungkahing pagpapahusay mula sa mga guro***

| Mungkahing Tema | Pangunahing Hakbang |
|---|---|
| Maagang interbensyon | Malinaw na layunin at literacy expectations mula sa unang yugto ng pagkatuto. |
| Integrasyon ng pagbasa at pagsulat | Sabay na reading comprehension, pronunciation, writing practice, at tuloy-tuloy na literacy programs. |
| Pagpapahusay ng estratehiya | Authentic tasks, scaffolded writing, step-by-step guidance, regular practice, at structured feedback. |
| Propesyonal na pag-unlad | Training at workshop sa assessment strategies, rubrics, differentiated instruction, at action research. |
| Mas maayos na kondisyon at resources | Sapat na oras, libro, modyul, digital resources, at mas maliit na class size. |
| Teknolohiya sa pagtataya | Digital assessment tools at modern technology para sa feedback, portfolio, at monitoring. |
| Kolaborasyon ng paaralan at komunidad | Shared responsibility ng school head, guro, magulang, barangay, at iba pang katuwang. |
| Lokalisado at kontekstuwalisadong materyales | Mga tekstong malapit sa kultura, wika, karanasan, at antas ng mag-aaral. |

Ang maagang interbensyon at integrasyon ng pagbasa at pagsulat ay tumutugon sa pundasyong kailangan bago makabuo ng mas komplikadong komposisyon. Ang malinaw na layunin at rubrik bago magsulat ay nagbibigay ng direksiyon, samantalang ang pagbabasa ng mga modelo ay nagpapalawak ng bokabularyo at kaalaman sa organisasyon. Ang rubric use na sinasamahan ng feedback at self-assessment ay higit na kapaki-pakinabang kaysa paggamit nito bilang checklist sa dulo (Karaman, 2024).

Ang authentic tasks, scaffolding, at structured feedback ay dapat ayusin bilang isang siklo: malinaw na prompt, modelo, pagpaplano, burador, mabilis na feedback, pagrebisa, at publikasyon o pagbabahagi. Kapag ang puna ay hindi sinusundan ng panibagong pagsasanay, hindi nito lubos na nabubuo ang kakayahan. Binibigyang-diin nina Boud at Molloy (2013) na ang feedback ay dapat magdisenyo ng pagkakataon para kumilos ang mag-aaral, hindi lamang magbigay ng impormasyon sa nakaraang pagkakamali.

Ang mga mungkahi sa training, resources, teknolohiya, at kolaborasyon ay nagpapakita na ang pagpapaunlad ng assessment ay isang sistemikong gawain. Ang Learning Action Cells, peer observation, action research, at mentoring ay maaaring gamitin upang mapalitan ang hiwa-hiwalay na pagsasanay ng

tuloy-tuloy na professional learning. Ang localized materials naman ay nagbibigay ng pamilyar na konteksto at makabuluhang dahilan upang magsulat, lalo na sa mga mag-aaral na may language barrier at mababang kumpiyansa.

**KONGKLUSYON**

Ang pagtataya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga nahihirapang mag-aaral ay isang masalimuot na penomenong binubuo ng kognitibo, lingguwistiko, sikolohikal, pedagogikal, at pangkapaligirang salik. Ang mga mag-aaral ay maaaring may ideya ngunit nahihirapang iproseso, organisahin, at isalin ito sa pangungusap at talata; ang takot sa mali at hiya ay higit pang nagpapababa sa kanilang pagnanais na sumubok.

Sa kabila ng mga hamon, ipinakita ng mga guro ang malikhaing paggamit ng remedial instruction, pormatibong pagtataya, graphic organizers, journaling, pagguhit, step-by-step tasks, at scaffolded feedback. Ipinakikita ng kanilang karanasan na nagiging mabisang instrumento ang pagtataya kapag nakatuon ito sa proseso, nagbibigay ng malinaw na pamantayan, at nagbubukas ng pagkakataon para sa pagrebisa. Ang pagbasa at pagsulat ay kailangang sabay na paunlarin upang mapatatag ang bokabularyo, pag-unawa, organisasyon, at pagpapahayag.

Gayunman, ang tagumpay ng interbensyon ay hindi maaaring iasa lamang sa guro. Ang kakulangan sa oras, siksikang klase, administratibong pasanin, limitadong libro at digital resources, mahinang koneksiyon, at hindi pantay na suporta sa tahanan ay humahadlang sa tuloy-tuloy na feedback. Samakatuwid, ang pagpapaunlad ng pagsulat ay isang kolektibong responsibilidad na nangangailangan ng koherenteng programa, suporta sa guro, pakikilahok ng pamilya, at institusyonal na paglalaan ng oras at kagamitan.

**Rekomendasyon**

Para sa mga guro, kailangang ipaliwanag ang rubrik at halimbawa ng mahusay na sulatin bago ang gawain; gumamit ng scaffolded, authentic, at differentiated writing tasks; magbigay ng mabilis at sistematikong feedback; at gawing obligadong bahagi ng assessment cycle ang pagrebisa. Ang Learning Action Cells at action research ay maaaring gamitin para sa pagbabahagi at pagsusuri ng mga estratehiya.

Para sa mga magulang, mahalaga ang regular na pagsubaybay sa gawaing pasulat, pagbabasa ng feedback ng guro, paglalaan ng oras para sa pagbabasa at pagsusulat sa tahanan, at positibong pagpapalakas sa halip na pagtuon lamang sa pagkakamali. Para sa mga administrador, kailangang maglaan ng localized materials, libro, modyul, digital resources, literacy programs, at protektadong oras para sa feedback habang binabawasan ang hindi kailangang administrative load.

Para sa Kagawaran ng Edukasyon at iba pang ahensya, iminumungkahi ang pre-enrollment o early literacy screening, malinaw na referral at remediation pathway, pagsasanay sa assessment literacy, at mga programang magpapababa sa class size at non-teaching workload. Para sa mga susunod na mananaliksik, mahalagang subukin ang bisa ng mga partikular na interbensyon—gaya ng localized rubric, digital portfolio, scaffolded writing module, at integrated reading-writing program—sa iba't ibang antas at konteksto.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**SANGGUNIAN**

Agtarap, H. J., Januto, A. C., Aglibot, K. A., & Toquero, C. M. (2024). Assessment strategies and challenges of teachers in evaluating students during online learning. *Journal of Digital Educational Technology*, *4*(2), Article ep2418. https://doi.org/10.30935/jdet/14863

Andrade, H. L., & Brookhart, S. M. (2020). Classroom assessment as the co-regulation of learning. *Assessment in Education: Principles, Policy & Practice*, *27*(4), 350–372. https://doi.org/10.1080/0969594X.2019.1571992

Bandura, A. (1997). *Self-efficacy: The exercise of control*. W. H. Freeman.

Black, P., & Wiliam, D. (1998). Inside the black box: Raising standards through classroom assessment. *Phi Delta Kappan*, *80*(2), 139–148.

Boud, D., & Molloy, E. (2013). Rethinking models of feedback for learning: The challenge of design. *Assessment & Evaluation in Higher Education*, *38*(6), 698–712. https://doi.org/10.1080/02602938.2012.691462

Braun, V., & Clarke, V. (2013). *Successful qualitative research: A practical guide for beginners*. SAGE Publications.

Calkins, L. M. (1994). *The art of teaching writing* (New ed.). Heinemann.

Chen, J. (2022). Strategy instruction and rubric-referenced assessment: Enhancing EFL students' writing competence and confidence. *Assessing Writing*, *51*, Article 100592. https://doi.org/10.1016/j.asw.2021.100592

Creswell, J. W. (2013). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (3rd ed.). SAGE Publications.

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2017). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (5th ed.). SAGE Publications.

Cuesta, L., & Fernández, M. (2022). Scaffolded learning and formative evaluation in the L2 writing process. *System*, *105*, Article 102710. https://doi.org/10.1016/j.system.2022.102710

Graham, S., Harris, K. R., & Hebert, M. (2024). Teacher beliefs about writing instruction and assessment: A foundational catalyst for student motivation and literacy growth. *Educational Psychologist*, *59*(1), 18–35. https://doi.org/10.1080/00461520.2023.2285321

Graves, D. H. (1983). *Writing: Teachers and children at work*. Heinemann Educational Books.

Husserl, E. (1970). *The crisis of European sciences and transcendental phenomenology: An introduction to phenomenological philosophy* (D. Carr, Trans.). Northwestern University Press.

Jackaria, P. M., & Caballes, D. G. (2022). Equipping teachers to adapt: A look into teachers' professional development programs in times of COVID-19 pandemic. *International Journal of Humanities and Education Development*, *4*(4), 18–22.

Jacobs, H. L., Zinkgraf, S. A., Wormuth, D. R., Hartfiel, V. F., & Hughey, J. B. (1981). *Testing ESL composition: A practical approach*. Newbury House.

Karaman, P. (2024). Effects of using rubrics in self-assessment with instructor feedback on pre-service teachers' academic performance, self-regulated learning and perceptions of self-assessment. *European Journal of Psychology of Education*, *39*, 2551–2574. https://doi.org/10.1007/s10212-023-00782-y

Kileri, A., & Listyani, L. (2021). The power of balanced correction and constructive feedback in EFL writing classrooms. *Language and Language Teaching Journal*, *24*(2), 189–202. https://doi.org/10.24071/llt.v24i2.3364

Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). *Naturalistic inquiry*. SAGE Publications.

Mahmood, A., Iqbal, M., & Khan, S. (2022). Professional development workshops: Empowering teachers in rubric construction and formative evaluation of compositions. *Journal of Language and Linguistic Studies*, *18*(2), 884–897.

Majid, M. A. A., Othman, M., Mohamad, S. F., Lim, S. A. H., & Yusof, A. (2017). Piloting for interviews in qualitative research: Operationalization and lessons learnt. *International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences*, *7*(4), 1073–1080. https://doi.org/10.6007/IJARBSS/v7-i4/2916

Mishra, P., & Koehler, M. J. (2006). Technological pedagogical content knowledge: A framework for teacher knowledge. *Teachers College Record*, *108*(6), 1017–1054. https://doi.org/10.1111/j.1467-9620.2006.00684.x

Moses, R. N., & Mohamad, M. (2019). Challenges faced by ESL learners in vocabulary and grammar in writing compositions and its reflection on summative assessment. *Creative Education*, *10*(12), 2749–2758. https://doi.org/10.4236/ce.2019.1012198

Moustakas, C. (1994). *Phenomenological research methods*. SAGE Publications.

Murray, D. M. (1972). Teach writing as a process not product. *The Leaflet*, *71*(3), 11–14.

Paivio, A. (1986). *Mental representations: A dual coding approach*. Oxford University Press.

Patton, M. Q. (2015). *Qualitative research & evaluation methods: Integrating theory and practice* (4th ed.). SAGE Publications.

Spillane, J. P. (2006). *Distributed leadership*. Jossey-Bass.

Tomlinson, C. A. (2014). *The differentiated classroom: Responding to the needs of all learners* (2nd ed.). ASCD.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.

Walls, J., & Johnston, S. (2023). Bridging teacher training with student grades: How professional development in writing assessment yields higher literacy outcomes. *Reading Research Quarterly*, *58*(2), 289–308. https://doi.org/10.1002/rrq.492